



### Abstract

"Mga Babala sa Hari hinggil sa Pagtugon sa Pandemya at Iba Pang Tula" is an attempt to look into the anatomy of the government's response to COVID-19 and how it affects the ordinary people. In the titular poem, the poet prescribed warnings to the king by alluding to the current situation in the Philippines while the poem "Pauwing Bikol" is an homage to fellow Bikolnon Michelle Silvertino who died in Pasay while waiting for a bus. The last poem "Pagpapangalan sa Panganay sa Panahon ng Pandemya" is an exploration of the unique names inspired by the pandemic.



### Keywords

Pandemic response, LSI, balik probinsiya, COVID baby names, quarantine naming


### English title

Warnings to the King on Pandemic Response and other Poems

1. Warnings to the King on Pandemic Response
2. Return to Bikol
3. Naming Your Firstborn in the Time of Pandemic

# MGA BABALA SA HARI HINGGIL SA PAGTUGON SA PANDEMYA AT IBA PANG TULA


**ELBERT O. BAETA**

# MGA BABALA SA HARI HINGGIL SA PAGTUGON SA ZANDEMYA

I.
Kung sa gitna ng iyong panunungkulan ay may kumalat na malubhang sakit,
maging mahinahon sa pagtugon, kailangang may sapat na tapang
ngunit huwag gawing hilig ang dahas at paninindak. Walang mabuting
maidudulot kung sa sandatahang lakas iaatas ang laban sa kumakalat na sakit.
Magiging kahindik-hindik ang mga tugon. Hindi mapupuksa ang sakit.
Alalahanin mong iba ito sa mga digmaang inaakala mo, mabagsik ang kalaban.
Marapat na iatas ito sa mga mediko. Sila ang dapat mong pakinggan.
Sundin ang kanilang payo dahil sila ang mga tunay na sundalo sa laban na ito.

II.
Huwag gawing almusal ang kahangalan. Ipahayag nang malinaw ang mensahe
sa taumbayan. Gawin ito sa araw at huwag sa gabi. Karamihan sa kanila'y pagod na
sa maghapong paghihintay sa ipinangakong ayudang bigas at de lata.
Maging maingat sa gagawing tagapagsalita. Maselang gawain ang pakikipag-ugnayan.
Iwasan ang nakalilitong mga pahayag. Lagi't laging pagsumikapan ang katotohanan.
Ingatan ito tulad ng pagkalinga mo sa mga lupain at katubigan ng estado.

III.
Kung sa kalagitnaan ng laban sa sakit na ito ay mapatunayang maraming pagkukulang,
huwag gawing sandata ang pangungutya. Huwag maliitin ang kalaban, lalo pa't di ito nakikita.
Kung magkagayon, kahinaan itong masasabi. Pagbaba sa puwesto ang tanging lunas dito.
Panatagin ang taumbayan. Unahin ang kapakanan nila. Higit itong kailangan sa panahong
sarado at naghihikahos ang ekonomiya.

IV.
Huwag magtatago sa taumbayan. Huwag mo ring ililihim ang estado ng iyong kalusugan,
panlilinlang itong maituturing sa kapakanan ng taumbayan. Ang iyong biglaang pagkawala
o sadyang pagtatago ay magdudulot ng pangamba sa iyong mga nasasakupan.
Hindi makabubuti sa kalusugan ng taumbayan ang labis na pangangamba.

V.
Kung magkataon mang mahawa ka ng kumakalat na sakit at sa kasawiang palad
ay maging kabayaran ang iyong buhay, buong bansa ang makikiramay sa pinunong tulad mo.
Ngunit kung sa ilalim ng iyong kapangyarihan at dagdag na mga kapangyarihan ay hindi mo
magampanan ang mga ito. Taumbayan ang uusig sayo. Idadalangin nila kay Gugurang,
kay Bathala, kay Allah, at sa mga anito sa paanan ng Banahaw at Isarog ang kaparusahan sa
kapabayaan mo. Lilisanin mo ang palasyo kasama ng iyong sipsip na kanang kamay at hambog
na tagapagsalita. Isa-isa kayong ihuhulog sa nagbabagang bulkan ng puot at sumpa
ng ipinagkanulong taumbayan.

# PAUWING BIKOL

"Stranded mother dies after waiting for bus ride
to Camarines Sur at EDSA footbridge . . ."
—*Philippine Daily Inquirer,* June 10, 2020

Kung darating kang kasimbilis ng *Amihan Bus,*
marahan kong pipilipitin ang aking bituka
at titiisin ang gutom at lamig sa ilalim
ng ulilang footbridge dito sa Malibay.

Sisikapin kong paiksiin sa aking isipan
ang mga kurbada ng *Bitukang Manok*
upang maging kasimbilis ng *Isarog Bus*
ang iyong pagdating sa Pasay.

Sasalubungin kita nang may pananabik
at gaan ng loob tulad ng una kong pagluwas
sa Maynila lulan ng *Peñafancia Bus*.

Ngunit, kung dito na ang hangganan
ng aking paghihintay at ang inaasam na
pagdating ay walang katapusang
tumatakbo na lamang sa mahabang
daan pauwi sa aking isipan,
susukatin na lang marahil ang pait
ng kamatayan sa mga di nakarating na bus
pauwing Bikol.

# PAGPANGALAN SA PANGANAY SA PANAHON NG PANDEMYA

Coviduvidapdap, kung nais mo siyang
maging maangas tulad ng kanyang mga tiyuhin,
McCovyd naman kung mana sa tatay na habulin
ng mga babae. Covid Bryant kung nais mo na
maging matinik sa bola. Ngunit kung nais
na maging mabait at may takot sa Diyos,
makakabuti kung Quarantino ang ipapangalan.

*Maligalig ang isilang sa panahon ng pandemya.*

Huwag ipagkait ang rikit ng mga bulaklak
kung babae ang inaasam na panganay.
Tawagin mo siya sa lumanay ng Covid Rose.
O kung nais mo siyang biyayaan ng tapang
tawagin mo siya sa mabagsik na Quarantina.

*Kakambal lagi ng pagpapangalan ang mga pangamba.*

Ngunit kung nais naman ng kakaibang
tapang, Pandemicah ang nararapat.
At kung nais mo siyang maging kontesera,
ipagkaloob mo sa kanya ang Koronalhyn,
manalo man o matalo lagi't lagi niya pa ring
maiuuwi ang korona.

*Maligalig ang isilang sa panahon ng pandemya.*

Kung nais mong maging mabait at mahinhin
ang iyong panganay, Cora ang iyong ipangalan.
Ngunit kung nais ng mapangahas at tunog sopistikado,
ipagkaloob mo sa kanya ang ngalang Bubble +.

*Maligalig ang isilang sa panahon ng pandemya.*
*Kakambal lagi ng pagpapangalan ang mga pangamba.*